

# Ano ang Virginia SUN Bucks?

Ang Virginia SUN Bucks ay nakakatulong sa mga kwalipikadong pamilya sa mga gastusin sa groseri sa panahon ng bakasyon sa tag-init kapag walang pasok ang karamihan ng mga paaralan. Ang SUN Bucks benefit card ay puwedeng gamitin para bumili ng mga groseri gaya ng sariwang prutas, gulay, whole grains, dairy, at karne sa mga tindahan ng groseri, farmers market, at iba pang mga lugar na tumatanggap ng mga benepisyo ng EBT ng SNAP.



Ang bawat batang nasa edad ng pag-aaral sa paaralan na nakakatugon sa mga kinakailangan ng programa ay makakakuha ng

**isang beses na pagbayad na \$120**

## Mga Benepisyo

Ang mga benepisyo ay ilo-load sa mga kasalukuyang EBT card ng mga tumatanggap ng SNAP habang ang iba ay makakatanggap ng bagong Virginia SUN Bucks card sa koreo.



## Magandang Balita!

Ang magandang balita ay maraming pamilya ang awtomatikong kwalipikado para sa Virginia SUN Bucks at hindi na kailangang gumawa ng anumang hakbang upang matanggap ang bagong benepisyong ito!

**Sino ang awtomatikong kwalipikado para sa Virginia SUN Bucks at hindi na kailangang mag-apply?**

**Awtomatikong naka-enroll ang iyong anak sa Virginia SUN Bucks kung siya ay:**

- ✔ Tumatanggap ng mga benepisyo ng **Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)** o **Temporary Assistance for Needy Families (TANF)** o nakikilahok sa Medicaid na nakabatay sa kita.
- ✔ Nag-apply at nakatanggap ng libre o pinababang-presyo na mga pagkain sa paaralan sa panahon ng **2025-2026 na taon ng pasukan** sa pamamagitan ng National School Lunch Program.

**Paano ko malalaman kung ang aking pamilya ay kailangang mag-apply para sa Virginia SUN Bucks?**

**Dapat kang mag-apply para sa Virginia SUN Bucks kung hindi nag-apply ang iyong anak para sa** at tumatanggap ng libre o pinababang presyo na mga pagkain sa paaralan o ang iyong pamilya ay hindi lumalahok sa SNAP, TANF o Medicaid na nakabatay sa kita. **Ang ilang paaralan ay nagbibigay ng libreng pagkain sa mga bata nang walang aplikasyon.** Kung ang iyong anak ay pumapasok sa isa sa mga paaralang ito at hindi sila lumahok sa SNAP, TANF o Medicaid na nakabatay sa kita, dapat kang mag-apply!



## Mga mahahalagang petsa

**Bukas buong taon**

Ang mga aplikasyon online at na ipinapadala sa koreo ay live sa [VirginiaSunBucks.com](https://VirginiaSunBucks.com)

**Hunyo 15 – Agosto 31**

Ang Virginia SUN Bucks Call Center ay available para sa mga aplikasyon sa telepono

**Agosto 31**

Huling araw para mag-apply online, sa pamamagitan ng koreo o sa call center